# "Talaga ba? Sa ganda kong 'to? Sir?": Paniniyasat sa Pananaw at Karanasan ng mga piling Trans sa Deadnaming at Misgendering

*Christopher Dolom Alonte*
*cdalonte@up.edu.ph*
*Ariel Ursolon Bosque*
*aubosque@up.edu.ph*

**ABSTRAK (ABSTRACT)**

Layunin ng pag-aaral na masuri ang mga stressor na nararanasan ng piling trans women hinggil sa deadnaming at misgendering, mga epekto nito sa seksuwal na identidad, at pag-aanyo nito bilang microaggression. Bilang kuwalitatibo ang kalikasan ng pag-aaral, nagsagawa ang mga mananaliksik ng semi-structured interview sa limang trans women. Sinuri ang mga nakalap na datos sa pamamagitan ng tematikong analisis. Nasuri sa mga natuklasan ang kompleks na interaksiyon sa pagitan ng distal at proximal stressors. Lumutang ang deadnaming bilang makahulugang anyo ng diskriminasyon. Inilarawan ito ng ilang mga impormante bilang emosyonal at

sikolohikong pasanin. May mga impormanteng tinatanaw ang deadnaming bilang isang impormasyonal na hadlang, bagaman lumutang din ito bilang direktang anyo ng imbalidasyon. Lalong pinapalalim ng kakulangan ng mga legal na proteksiyon ang mga hámong dulot ng deadnaming at misgendering. Ipinakikita ng pag-aaral na mahalagang palakasin ang edukasyon tungkol sa SOGIE, pagtibayin ang mga legalidad na makapagbibigay-proteksiyon sa lahat, at ipatupad ang mas ingklusibong mga patakaran upang labanan ang diskriminasyon, partikular sa mga trans woman. (This study that focuses on deadnaming and misgendering aims to shed light on the effects of these forms of microaggressions as stressors that affect the sexual identity of select trans women. Given that the study is qualitative in nature, the researchers conducted semi-structured interviews to five trans women. The results and data gathered from the interviews were analyzed using thematic analysis. The complex interaction between distal and proximal stressors were uncovered from the analysis.Deadnaming was discovered as the prevalent and significant form of discrimination. This was described as an emotional and psychological burden by the informants. Other informants cited deadnaming as an informational hurdle although there were those who also cited it as a direct form of invalidation of their chosen identity. The lack of legislation and laws that protect and uphold the safety of trans women in the Philippines intensifies the challenges posed by misgendering and deadnaming. The study shows and echoes the need for a comprehensive and relevant need for SOGIE awareness and education, laws that protect everyone from SOGIE-related microaggressions, and more inclusive social environments that prevent discrimination, especially towards trans women.)

*Mga susing salita: deadnaming, trans woman, kasarian, misgendering, agresyon*

## Introduksiyon

Sa kasalukuyan, hindi maikakaila ang pag-igting ng bisibilidad ng mga kasapi ng Lesbian, Gay, Bisexual, Transexual, Queer, Intersex, Asexual/ Aromantic/ Agender+ (LGBTQIA+) sa iba’t ibang espasyo ng lipunang Pilipino. Kabilang sa mga manipestasyon nito ang mga lokal na pagdiriwang ng Pride Month, pagtangkilik sa drag culture, at presensiya ng LGBTQIA+ icons sa iba’t ibang media outlets. Sa likod nito, palaging kaakibat na argumento sa kasarian ang pagtatangi sa konserbatibong batayan ng mga talakayang nauukol sa kasarian at seks. Ganito rin ang nangingibabaw na katwiran sa patuloy na pagkakaantala ng SOGIE (Sexual Orientation, Gender Identity, and Expression) Bill sa bansa. Sa paliwanag ni Ortuoste (2023), nagagawa ng panukalang mapigilan at mabigyang-parusa ang anumang diskriminasyon dahil sa SOGIESC ng lahat tao at hindi lamang nakalaan para sa isang tiyak na pangkat. Kasabay rito ang lantad at patuloy na diskriminasyon at karahasan sa buhay at karapatan ng mga kabílang sa pamayanang LGBTQIA+ bilang isang sentral na usaping pangkasarian sa Pilipinas. Makikita ang stigma sa pamamagitan ng pambubuska, panunukso, at panghahamak sa LGBTQIA+ sa tahanan, paaralan, at iba pang lugar. Makikita rin ito sa mga representasyon ng pangkat sa midya bilang walang kabuluhan, hindi mapagkakatiwalaan, mapanganib, at predatoryo (Psychological Association of the Philippines). Nagdudulot ang ganitong obserbasyon ng gimbal na patuloy na bumabalot sa mahalagang espasyo ng LGBTQIA+ sa lipunang Pilipino.

Makahulugan ang obserbasyon nina Barrett et al. (2021) ukol sa transphobic gendered violence na nakabatay sa gender binary na nagiging normalisadong microaggression na nangyayari araw-araw. Nangungunang karanasan ng Pilipinong transgender ang deadnaming at misgendering na nakakasangkapan sa samot-saring sitwasyon at konteksto upang pagmulan ng patuloy na karahasan at diskriminasyon. Tinukoy nina Freeman at Stewart (2021) ang deadnaming bilang paggamit ng birth name o pangalang hindi na ginagamit ng isang trans o gender nonbinary person bilang bahagi ng kanilang identidad, maliban sa mga kontekstong legal, praktikal, at pinansiyal na kakailanganin ito.

Ipinaliwanag nina Sinclair-Palm at Chokly (2023) na kamakailan lamang ding nabigyang-tutok sa pamayanang trans ang konstruksiyon ng mga terminong deadname at deadnaming. Kaakibat nito ang mga pagtatanong ukol sa kritikal na ugnayan ng buhay at pangalan ng tao, gayundin ang mga potensiyal na panganib ng maling paggamit ng pangalang nauukol sa karanasan at kaligtasan ng isang trans.

Binanggit naman ni McLemore (2015) na isa pang kalapit na usapin ng lipunang trans ang misgendering na tumutukoy sa maling identipikasyon sa gender identity ng isang taong may potensiyal na mahugis sa damdamin ng isang indibidwal na nakakaapekto sa kaniyang pansarili at panlipunang pagkakakilanlan. Kabilang dito ang maling paggamit ng panghalip na madalas na umiiral sa wikang banyaga, partikular sa Ingles, pagsasari sa isang neutral na pangalan, o pagbabawal sa trans o gender nonbinary person na makapasok sa kanilang pinipiling gendered space. Sa kabila ng lokal na pagdanas ng Pilipinong trans, limitado pa lamang ang pananaliksik na pumupukaw sa kritikal na panunuri sa dalawang usapin. Mula rito, layon nitong pag-aaral na matukoy ang stressors na nararanasan ng trans women hinggil sa deadnaming at misgendering; masuri ang epekto nito sa karanasan at seksuwal na identidad ng transgender; at masiyasat ang deadnaming at misgendering bilang mga anyo ng microaggression.

## Teoretikal na Batayan

Instrumental ang Minority Stress Theory ni Meyer (1995) sa eksaminasyon ng mga sikolohiko at sosyolohikong lábang kinahaharap ng mga minoryang pangkat, kabilang trans women (Frost at Meyer, 2023). Sa Pilipinas, nananatiling marhinalisadong populasyon ang trans women. Kadalasan silang napapasailalim sa kakaibang trato ng lipunan. Nakaugat ang kanilang estadong minorya sa mga salik gaya ng kasalatan sa pagkilala ng kanilang piniling gender identity, at sa malawakang panlipunang miskonsepsiyon—madalas makaranas ng stigma ang trans women na makahulugang nakakaapekto sa kanilang kabuoang kapakanan.

Tinukoy ni Goffman (1963) ang stigma bilang set ng mga natatanging karakteristik na humahantong sa diskriminasyon. Maaaring magdulot ang mga madalas na ituring na kakaiba o di-karaniwang katangian ng takot,

pagkasuklam, o pagkapoot sa mga taong hindi kapara ang karanasan. Dahil na rin sa kawalan ng mga lehislatibong proteksiyong kumikilala sa lehimitimasyon ng trans identities sa Pilipinas, itinuturing pa rin ang transgender bilang stigmatizing identity. Naipapakilala ng pagdanas sa stigma ang iba’t ibang stressors na nakakaapekto sa mental at sosyal na kalagayan ng mga nakakaranas nito. Sa kaso ng trans women, tinutukoy ng balangkas ni Meyer ang dalawang uri ng stressor—distal at proximal.

Tumutukoy ang distal stressors sa eksternal na presyur na nararanasan ng mga indibidwal na LGBTQIA+ sa labas ng kanilang mga kinabibilangang lipunan—gaya ng misgendering at deadnaming—na kapwa madalas maiulat na kanilang karanasan. Inilalapat ang distal stressors ng mga panlipunang estruktura at mga indibidwal na may kinikilingang paniniwalang humahantong sa malala at talamak na stress sa mga populasyong minorya. Kabilang dito ang diskriminasyon sa trabaho, berbal na harassment, at pisikal na pananakit. Nakakaambag ang mga nabanggit sa pagpapataas ng sikolohikong pangambang nararanasan ng isang indibidwal.

Sa kabilang banda, sangkot naman sa proximal stressors ang mga internalisadong damdamin ng di-pagtanggap na dulot ng panlipunang stigma at pagtatago sa identidad. Nangyayari ang internalisadong stigma kung makukuha ng mga indibidwal ang mga negatibong panlipunang atityud hinggil sa pansariling identidad. Humahantong ito sa kabawasan ng kanilang pagpapahalaga sa sarili at pagdaragdag sa mga personal na panganib. Kasama sa litaw na kondisyon nito ang gender dysphoria at body dysmorphia.

Pinatitingkad ng balangkas ni Meyer ang ugnayan ng distal at proximal stressors na nakakaambag sa pagkakaiba-iba ng mga nararanasan ng minoryang pangkat. Bagaman nagmumula ang distal stressors mula sa mga panlabas na salik, at higit pa kanilang personal na makokontrol, nagbubunga ang mga panlabas na presyur ng proximal stressors bilang sikolohikong tugon.

## Metodolohiya

Gumamit ang mga mananaliksik ng Kuwalitatibong Dulog sa pag-aaral upang masuri ang lumulutang na kalagayan at karanasan ukol sa deadnaming at misgendering. Naging makahulugan ang paglalapat ng ganitong dulog sa paghihimay at pagtutok sa natural na sitwasyong buhat sa mga nakalap na datos at pagpapatingkad ng mga makatotohanang kontekstong umiral sa ilalim ng layon ng saliksik. Saklaw ng proseso ng pag-aaral ang: pag-alam sa mga nagi(gi)ng karanasan at pagsubok ng mga impormante patungo sa kanilang pagtatatag ng pagkakakilanlan bilang trans; pagsusuri sa mga epekto ng deadnaming at misgendering sa kanilang seksuwal na pagkakakilanlan; at pagsipat sa deadnaming at misgendering bilang karahasang pangkasarian.

Nagsagawa ng qualitative semi-structured interview ang mga mananaliksik sa limang impormante. Pinili ang mga impormante sa pamamagitan ng purposive sampling nang matiyak ang akmang representasyon ng mga trans na sumasaklaw sa iba't ibang karanasang kaugnay sa deadnaming at misgendering. Kabilang sa mga nakapanayam sina: R, isang freelance makeup artist; A, isang doktor; J, M, at H, volunteer counsellors.

Nagbigay naman ang mga impormante ng informed consent, gayumpaman, minabuti ng mga mananaliksik na ilagay na lamang ang unang titik ng kanilang mga pangalan sa transkripsiyon at pag-uulat. Isinakatuparan ang face-to-face interview sa isang social hygiene clinic sa Lungsod Taguig, batay na rin sa kanilang kahilingan. Rekorded at nagtagal ang mga interbyu nang 15-30 minuto.

Sinuri ang mga interbyu sa pamamagitan ng repleksibong tematikong analisis nina Braun at Clarke (2023). Nagdaan ang mga nakalap sa: pagsasapamilyar ng mga datos na mula sa rekording ng mga sesyon patungong transkripsiyon; pagkokoda ng mga magkakatugmang kaisipang buhat sa mga inisyal na analisis; pagtetema ng mga magkakaugnay na klaster ng impormasyon at pagsulat ng mga maiikling paliwanag at deskripsiyong higit na nakapagpapatingkad sa talakayan; pagrerebyu sa mga nabuong tema; pagtukoy sa mga lumutang na pinal na tema; at pagsasaayos at pagsulat nito.

## Mga Resulta at Talakayan

Taglay ng bahaging ito ang mga temang nagmula sa panunuri ng mga nakalap na datos na tumutugon sa: iba’t ibang stressors na nararanasan ng transgender women ukol sa deadnaming at misgendering; epekto nito sa karanasan at seksuwal na identidad ng transgender; at pag-aanyo nito bilang microaggressions.

## Distal at Proximal Stressors, at iba pang Personal na Pagtanaw na Kaugnay sa Deadnaming at Misgendering

Nahuhugis ang mga karanasan ng trans women ng kompleks na pagtatagpo ng eksternal na diskriminasyon at internalisadong tugon, tulad ng isinaad ni Meyer (1995) sa Minority Stress Theory. Binabalangkas nito ang distal stressors—mga panlabas na anyo ng diskriminasyon at stigma, at proximal stressors—mga panloob at suhetibong tugon sa mg karanasan. Makahulugan ang pag-unawa sa pagtatagpong ito upang matugunan ang mental at emosyonal na pasanin kinahaharap ng transgender women.

### *Distal Stressors*

Tumutukoy ang distal stressors sa mga panlabas na pangyayari o kondisyong lumulutang mula sa mga panlipunan o institusyonal na diskriminasyon at stigma. Nagmumula ang ganitong streossor sa sistemikong antas na nagdudulot ng pangmatagalang disbentahe. Hindi gaya ng proximal stressors—na mas kagyat at personal, nakaiimpluwensiya ang distal stressors sa mas malawak na panlipunang espasyo at sa karanasan at oportunidad ng isang indibidwal sa paglaon ng panahon.

Nangunguna sa mga nasuri ang deadnaming bilang anyo ng diskriminasyon. Kinikilala ito bilang isang malaganap na external stressor. Inilarawan ng mga impormante ang deadnaming bilang sinasadyang akto ng imbalidasyon at agresyon. Lumilitaw sa karanasan nina H at J ang epekto ng deadnaming bilang diskoneksiyon sa kanilang identidad. Nasuri sa kanilang naratibong ang pagbibigay-diin sa negatibong epekto ng paggamit ng kanilang deadname. Taglay rin ng kanilang pananaw ang konsepto ng lisyang naidudulot nito bilang may kinakatawan na silang lived names. Binigyang-pansin din nila ang emosyonal na pinsalang naidudulot ng pagtawag sa kanilang birth names na hindi na nila ginagamit sa kasalukuyan.

Naiuugnay ang nabanggit ng impormante ukol sa kawalan ng pampublikong kabatiran sa kawalan din ng sapat na kaalaman sa SOGIE. Binigyang-pansin nilang nakakaambag ito sa pag-igting ng deadnaming at misgendering. Batay kay M, makahulugan ang kabatiran ng madla sa SOGIE upang makapagbigay ng higit na kamalayan sa estado ng identidad ng tao, aniya:

> "Before naman, walang SOGIE, kaya 'di natin alam ang gender identity ng tao. Unlike now na alam ko na ang SOGIE ko, I now consider myself a transgender woman." (M)

Nakakabit ang kamulatan ng madla sa SOGIE sa pagbubukas ng mga diskursong pangkasariang "ngayon lamang ding napag-uusapan at matagal na itinuring bilang taboo" (A). Nagagawa rin nitong mailatag ang mga karanasan at hámong kinahaharap ng mga trans woman para sa wasto at angkop na pagtugon sa diskriminasyon, miskonsepsiyon, at istiryotipong patuloy na humahadlang sa pagpapalakas ng karapatan at pagpapabuti sa kalidad ng kanilang mga buhay. Makikita ritong konektado ang deadnaming sa kakulangan ng oryentasyon ng madla sa SOGIE, sa ibang pagkakataon, intensiyonal na ginagamit ang deadname upang maimbalido at igiit ang pagsalungat sa gender identity ng isang trans.

Sa kabilang banda, itinuturing naman ni A ang deadnaming bilang isang obhetibong sitwasyong nakakatig sa opisyalidad ng pangalan, aniya:

> "It is how they refer to me based on what's written sa documents that ask for specific details, like my full name. We still have to comply by putting my full name, my birth name. They are not causing any offense to me, kasi nga, for me, ang pagtawag will depend on how I understand 'yung footing noong kabila." (A)

Matingkad sa paliwanag ni A na nakabatay sa paggagamitan ng birth name ang magiging datíng nito. Hindi maiaalis ang kahingiang mailagay ang tunay na pangalan sa mga dokumentong legal at pampamahalaan, propesyonal na konteksto, at mga sitwasyong maaaring

makaapekto sa kanilang kaligtasan. Dagdag pa, mas pinipili niyang unawain ang pag-unawa ng ibang tao sa kaniyang piniling pangalan, pagkat, pinaniniwalaan niyang nakaugat ito sa kalituhan ng tao, saad niya:

> “I consider it as the confusion on the part ng mag-a-address sa name ng tao na ‘yon, and a different take na rin sa feeling ng ina-address.” (A)

Makikita sa argumentong bukás siya sa idea na nagaganap ang deadnaming dahil sa pagkalito ng tao, gaya ng kalituhan sa gagamiting pangalan at panawag sa kaniya ng sinumang nakakausap na walang oryentasyon o di-pamilyar ukol sa kaniyang kasarian. Binabanggit niyang nakadepende pa rin sa intensiyon ng tao ang kaniyang magiging pagtanggap sa paggamit ng kaniyang birth name.

Tinukoy rin ng mga impormanteng makahulugang distal stressor ang kawalan ng legal na pagkilala sa transgender identities sa Pilipinas. Sa kasalukuyan, salat pa ang mga batas na pumoprotekta sa mga transwoman. Bukod sa mga batayan ng karapatang pantao, may isinusulong pang batas, gaya ng SOGIE Bill, na matagal nang nakabinbin sa Senado. Mas paiigtingin pa sa ilalim ng panukalang batas ang pagprotekta hindi lamang sa mga miyembro ng LGBTQIA+ community, pati na rin sa mga pangkaraniwang indibidwal laban sa anumang agresyong pangkasarian (Pangilinan, Eighteenth Congress of the Republic of the Philippines, 2019). Kung maipapatupad na ang SOGIE Bill, mapapabilang ang deadnaming sa mga diskriminasyong pangkasarian. Parte na rin nito ang pagkilala sa pagiging trans bilang isang legal na kasarian. Sa ngayon, hindi pa rin naipapasa ang batas na ito kaya naman kahit sa mga institusyon, publiko man o pribado, nananatiling hindi gaanong mulat ang madla sa kahalagahan ng pagkilala sa trans bilang isang kasarian.

Para naman kay A, binibigyang-diin niya na ang unti-unting pagbabago sa mga tanggapan ng pamahalaan at mga pribadong institusyon. Bilang isang doktor, napapansin niya na rin ang pagiging “gender-sensitive” ng mga espasyong kaniyang ginagalawan:

> "It's not really like a deadname for me. Marami naman din mga institution na nag-o-orient na rin ng gender-sensitivity. Sa DOH, may ganyan na. Nababago na 'yung forms nila at nag-a-ask na rin ng specific lived names, at pronouns." (A)

Nagsimula ang inisiyatibang ito noong 1995 sa pamamagitan ng Executive Order No. 273 o Approving and Adopting the Philippine Plan for Gender-responsive Development na naglalayong isama sa mga planong legal ang mga usaping pangkasarian (National Commission on the Role of Filipino Women, 1998). Makikitang mas positibo ang mga napapansin ni A lalo na sa mga espasyo na pinapatakbo ng estado pagkat may mga pagbabago siyang napapansin. Kaiba ito sa mga karanasan ni R na bagaman tanggap ang realidad na hindi pa lubusang kinikilala sa ibang opisinang pampamahalaan ang kaniyang pagiging transwoman, napapansin pa rin ang kakulangan ng gender sensitivity sa ilang mga tanggapan ng gobyerno.

> "Ang hindi ko lang maiiwasan talaga ay 'yung 'pag kakailanganin ng ID, let's say government offices. Sa remittance centers naman, nakikita talaga 'yung name. Pero, I don't take it seriously kasi, una sa lahat, 'yun talaga ang real name ko, wala tayong magagawa kasi, here in the Philippines, let's admit it, you cannot change your name. You cannot change your gender sa public documents." (R)

Masusuri ang pagiging matanggapin ni R sa ganitong sitwasyon nang kaniyang binanggit na wala pang magagawa ukol sa usapin ng deadnaming sa mga tanggapan ng gobyerno. Sa kabila ng pagiging mulat sa kasalatan ng legal na suporta sa mga transwoman, itinuturing na lamang ni R ito bilang isang pangyayari sa sistemang kaniyang piniling galawan. Sa danas naman ni H at sa isa pang karanasang nabanggit ni R, nakakaranas din sila ng deadnaming sa mga pribadong institusyon, partikular sa mga lugar-trabaho at bangko kung saan hinahanapan sila ng proof of identity:

> "Kapag job application, like, requirements, then kapag nakita kasi nila ang name mo, then, 'yung buong pangalan ko ang tinatawag, hahanapin nila kasi babae naman daw ang nandoon." (H)

> “When it’s my real naman kasi ang pinag-uusapan, hindi naman masyado. For an example, I had an incident sa bank, so s’yempre, ibibigay mo lahat ng requirements mo.” (R)

Bahagi ng mga proseso ng mga pribadong institusyon ang paghingi ng mga legal na dokumento o identification cards upang matiyak ang pagkakakilanlan ng mga indibidwal na nakikipagtransaksiyon sa kanila. Kung tutuusin, hindi ito maituturing na isang gawaing agresibo sa mga transwomen lalo na kung kakailanganin ito sa mga proseso, gaya ng paghahanap ng trabaho o pagkuha ng pera sa bangko. Nagiging agresyon lamang ang mga gawaing ito kung may kaakibat na pangungutya o himig ng diskriminasyon. Halimbawa, pagtatanong ng mga katanungang hindi nararapat, hindi angkop sa kontektso o may seksuwal na pakahulugan, gayundin ang pamimilit na lalaki ang isang trans woman sa kabila ng pambabaeng ekspresyon ng kaniyang sarili. Sa likod nito, napupuwersa sila ng mga sistemikong hadlang upang tiisin ang deadnaming sa mga pormal na konteksto na nakakaambag din sa kanilang marhinalisasyon at eksklusiyon.

Kaakibat ng isyu ng deadnaming ang misgendering. Tumutukoy ito sa paggamit ng mga panawag na may kinalaman sa kasarian ng isang tao bago ang kanilang transition patungong sa pagiging trans (Clements, 2018). Para sa mga trans woman, karaniwang nararanasan ang misgendering sa mga lugar or espasyong hindi pa rin lubusang tanggap ang kanilang pagiging trans. Ani H:

> “Sa government facilities, mas pinaninindigan po nila ‘yung gusto nilang itawag sa iyo, mga nagsasabi ng ‘Mister,’ kahit na kitang-kita na mahaba po ‘yung buhok, tapos babanggitin pa rin po ang buong pangalan.”

Sa kabila ng kaniyang pagpapahayag at pagpapakilala ng sarili bilang isang babae sa bihis at ayos, nararanasan pa ring matawag ni H na “mister.” Dahil sa mga ganitong insidente, naiisip ni H ang kaniyang kakulangan bilang isang ganap na babae.

> "Sometimes, iniisip ko po kung "mukha pa rin ba akong lalaki?" Parang mararamdaman mong hindi ka pa rin full transition." (H)

Nagdudulot ang ganitong mga sitwasyon ng hindi kaaya-ayang karanasan para sa mga trans woman, lalo na sa mga hindi pa ganap ang transition. Sa isang pag-aaral sa Estados Unidos, napatunayan na mas nagiging maalwan ang buhay ng mga trans woman matapos ang kanilang tuluyang transition sapagkat hindi na sila tinatawag sa mga panandang panlalaki gaya ng "sir" o "mister" (Oladipo, 2023). Bilang may ekonomikong dagok pa ring nararanasan ang mga trans woman sa Pilipinas, isang malaking hamon ang tuluyang pagta-transition. May dalawang bahagi ang pagta-transition—ang social transition at ang medical/surgical transition (University of California, 2019). Kung social transition, maaaring gawin ng isang transwoman ang: pagbibihis-babae at pagpapalit ng pangalang legal (sa kaso ng mga bansang pinahihintulutan ito). Kung medikal na aspekto naman, kabilang dito ang pagggamit ng hormones, pagtatanggal ng mga buhok sa katawan, pagpapalit-boses, at gender reassignment. Dahil na rin sa pinansiyal na konsiderasyon ng mga nabanggit na proseso, karaniwang hindi ganap ang nararanasang transition ng ilang transwoman. Nagbubunsod ito upang makaranas ang ilang transwoman ng pangungutya at misgendering dahil na rin sa pag-iisip na lalaki pa rin silang nagdadamit-babae lamang.

Bukod sa mga opisinang panggobyerno, naranasan din ng mga nakapanayam ang misgendering sa trabaho, at maging sa mga birtuwal na espasyo, partikular sa social media.

> "Sa work, hindi naman mawawala na tawagin kang "Sir" ng guards, 'pag napagsabihan mo naman sila, okay na, huwag lang talagang uulitiin. 'Yung sa akin naman, I don't mind na tawagin akong "Sir" nang isang beses. Okay lang naman, kung nagkamali lang naman siya. Pero kung uulit-ulitin niya iyon, iba na 'yon. May problema na siya sa gender ko." (J)

> "Sa social media, may mga nagkokomento pa sa iyo ng "mister." Masyadong offensive, minsan, gusto kong mag-

> reply, kaso baka dumugin ako ng basher, lalo na sa TikTok.” (H)

Hindi kaiba ang karanasan ng dalawa sa mga nararanasan ng iba pang trans women na patuloy pa ring nakararanas ng misgendering. Mapapansing may kaakibat na takot at pag-aalinlangan ang kanilang paglalahad upang tumugon at itama ang mga taong nagmi-misgender sa kanila. Marahil sanhi na rin ito ng kanilang takot sa mga espasyong ginagalawan, mapabirtuwal man o pisikal. Hindi nila nararamdaman ang kaligtasan sa mga espasyo ito, kaya nananatili silang tahimik sa kabila ng mga nararanasang agresyon. Kaiba ito sa ginagawa ni R na nagbahaging idinaraan niya sa biro ang reaksiyon sa misgendering, aniya:

> “I approach it like “kuya, ate, ‘Sir’ talaga? Sa ganda kong ‘to? Sir?” They find it funny na. Kumbaga, the approach to make things lighter, so ‘yung response nila, light din. Kasi if we approach them aggressively, people will come back to you aggressively. Feeling ko talaga, ang problema lang is with the situation sometimes and how you say and approach things.” (R)

Makikita pa rin sa danas ni R ang pagiging maingat lalo pa’t batid niyang posibleng magdulot ng matinding agresyon ang pagwawastong kaniyang gagamitin, higit sa mga indibidwal na hindi nakikiayon sa kaniyang pananaw. Bagaman nagdudulot ng pansamantalang pagkakaunawaan sa parehong panig ang pabirong reaksiyon sa misgendering, maaari itong humantong sa impresyong magagamit ang katatawanan o pakikipagtawanan bilang reaksiyon sa diskriminasyon. Kung patuloy itong mangyayari, maaaring lumabnaw ang lehitimisasyon ng diskurso ng mga nararanasang sistemikong diskriminasyon at agresyon ng mga trans sa lipunang Pilipino.

***Proximal Stressors at Iba pang Personal na Pagtanaw***

Tumutukoy ang promixal stressors mga tiyak na pangyayari o sitwasyong direktang nakapagdudulot ng stress o sikolohikong distress sa isang indibidwal. Kabilang sa proximal stressors ang mga kaisipan at damdaming natatamo at napananatili dahil tuwiran at di-tuwirang karanasan

sa mga pangyayaring nagdudulot ng prejudice at tipikal na binubuo upang makapagbunga ng anticipated stigma, internalized transphobia, at gender identity concealment (Lindley at Galupo, 2020). Gayumpaman, sa kaso ng mga nakapanayam, di-tulad ng distal stressors na matingkad na nagpamalas ng mga sistemikong usapin, hindi gaanong lumilitaw sa mga naratibo ang proximal stressors. Mas nakakatig ito sa pananaw ng mga impormante ukol sa samot-saring tanaw hinggil sa deadnaming.

Lumitaw sa panayam ang perspektibang mapagpahintulot na bunga ng nakasanayang panawag ng mga kapamilya at malalapit na kaibigan at iba pang personal na pagkakataon.

> "Kapag sa bahay o with friends naman, parang biro-biro lang kung tatawagin nila 'yung mga panga-pangalan, o kaya, sabihan ng mga totoong pangalan." (J)

> "Usually, nickname ko ang binabanggit nila na para sa akin, okay lang, dahil sanay na ako sa kanila. Pero, kung ibang tao, mao-offend ako." (H)

> "Iyon ang tinatawag nilang "namatay na si ganito kasi, iba na siya." I always explain to them na okay lang kung tayo-tayo lang, "puwede niyo pa rin akong tawaging tito, ninong, kuya, or by my nickname or real name." Pero, sinasabi kong kapag nasa public, call me by my lived name kasi ang pangit din namang tawagin ninyo ako by my real name 'di ba?" (R)

Pangkaraniwan sa kanilang mga nabanggit ang pagpapahintulot sa mga kaanak at madalas na nakakasama na magamit ang kanilang birth names o nakamulatang panawag, gaya ng palayaw at kinship terms. Sa paliwanag nina Sinclair-Palm at Chokly (2023), maaari pa ring magkaroon ng saysay ang birth names ng trans dahil sa kanilang nagiging gampanin sa pagsasalaysay sa buhay ng mga indibidwal at kanilang ugnayan sa iba pa, lalo na sa mga pinagmumulang pamilya at kultura. Maiuugnay rito ang katotohanang pinanghahawakan ni R na pisikal na sarili lamang niya ang nagbago, pero siya pa rin ang kanilang nakilala mula noon. Gayumpaman,

makikita rin sa kaniyang pahayag na may mahalagang pagtatangi pa rin dapat sa paggagamitan ng kaniyang birth name. Aniya, limitado lamang sa loob ng mga personal na espasyo ang paggamit nito, subalit, kung nasa pampublikong lugar naman, mas mainam kung ang kaniyang lived name ang gagamitin. Masusuri dito ang dagdag na lebel ng panlipunang kontekstong nagagamit sa pag-unawa sa mga sitwasyong tulad ng deadnaming.

Tulad ng mababatid sa paliwanag ng mga kinapanayam, isinasaalang-alang nila ang digri ng ugnayan ng kanilang nakakasalamuha—kung ibang tao o di-ibang tao. Mapapansing pansamantala nitong hinahawan ang anumang restriksiyong inuukol sa paggamit ng kanilang birth names. Para naman kay A, ipinagpapalagay rin niyang nakadikit ang paggamit ng kaniyang birth name sa nakasanayan ng kaniyang mga nakakasalamuha, aniya:

> “I don’t get offended. Even my gay friends, those whom I knew before I transitioned, still call me H-, so, okay lang. Siguro, naiintindihan kong mahirap nga ‘yun, subconsciously, ‘yun ang itatawag sa’yo, e. But then, I would really appreciate them.” (A)

Masusuring may pagkilala pa rin si A sa halaga ng paggamit ng kaniyang dating pangalan, at pagturing ng ibang tao bilang primaryang panawag sa kaniya, subalit, inaasahan niyang hindi ito bunga ng anumang malisyosong intensiyon.

Pinatitingkad ng lived names ang identidad, preperensiya, at pagpapahayag ng pagbabagong-buhay ng isang tao (Division of Diversity, Equity, and Inclusion, 2022). Sa danas ng mga transwoman, simboliko ang paggamit ng lived names. Nangangahulugan ito ng kanilang tuluyang pagtawid mula sa pagiging lalaki patungo sa pagiging ganap na babae. Maaaring makapamili ang transwomen ng mga lived names bago, tuwing, o matapos ang kanilang gender reassignment upang maging angkop ang kanilang pangalan sa bago nilang pagpapahayag ng sarili bilang mga babae (Corcione, 2018). Makikita ito sa pahayag ni A nang sabihin niyang mas

angkop ang kaniyang pangalang "A" sa nakikita ng mga tao kaysa sa kanilang nababasa sa dokumento kung saan naroon ang kaniyang dating pangalan:

> "Something appropriate, or at least, mas sumasakto roon sa nakikita nila sa akin, compared sa kanilang nababasa." (A)

Sa sitwasyon naman ni M, nagagamit niya ang kaniyang lived name upang ipahayag ang kaniyang kagustuhang matawag sa kaniyang piniling pangalan sa mga espasyong kaniyang ginagalawan. Para kina A at M, isang desisyon ang paggamit ng lived names na nagpapakita ng awtonomiya sa kanilang mga pagkakakilanlan. Nakokomplemento ng pagpili ng lived names ang kanilang pagkatao bilang mga babae dahil na rin sa pangalang pambabaeng kanilang pinipili.

Gayumpaman, ayon kay A, kadalasang ibinibigay na niya ang responsabilidad sa kaniyang nakakasalamuha sakali mang hindi sila tiyak sa pangalang gagamitin.

> "Sa ibang taong hindi ko naman kakilala, if they would ask me my preference, gaya ng "ano pong gusto mong itawag ko sa'yo?" I would return the question back to them, "ano bang mas comfortable ka na itawag sa akin?" (A)

> "Ibinabalik ko ang responsibilidad sa kanila, so, with that in our conversation, anumang ibato niyang pangalan sa akin, then, I am fine with it." (A)

Mapapansin kay A ang pagtanggap at pagharap sa mga taong posibleng tawagin siya sa kaniyang deadname nang hindi sinasadya. Base pa sa kaniyang ipinahahayag, isang paraan ang pagbibigay ng responsabilidad sa mga taong nakakasalamuha upang mapanatili ang maayos na pakitunguan sa pagitan niya at ng kaniyang kausap. Paraan din ito upang hindi na maging rason ang piniling lived name ni A ng anumang di-pagkakaunawaan at posibleng agresyon sa kaniya. Masalimuot ang usapin ng identidad o pagkakakilanlan lalo na sa mga trans woman. Bukod sa karahasang dinadanas na ng mga transwoman ay nakakadagdag din sa

pagiging masalimuot ng usapin ang iba't ibang personal na karanasan ng mga transwoman. Mapapansin sa tugon ng mga kinapanayam ang samot-saring pananaw ukol dito.

Ayon kay A, hindi niya itinuturing na "patay" ang kaniyang pangalan sa pagkapanganak. Para sa kaniya, malinaw na nagpapakita ng hindi pagrespeto ang pagtrato sa pangalang ibinigay ng kaniyang mga magulang bilang "patay." Kapara ito ng pananaw ng isa sa mga tagatugon nina Sinclair-Palm at Chokly (2023) sa kanilang pag-aaral. Para sa kanilang impormante, hindi niya maramdamang awtentiko sa kaniya ang karanasan sa paggamit ng terminong "deadname." Totoong hindi na niya ginagamit ang kaniyang birth name, subalit, hindi ito nangangahulugang patay na ito. Itinuturing niyang isang taong malapit sa kaniya ang dating sarili at hindi isang identidad na dapat kitilin. Sa halip, itinuturing niya ito bilang isang lubos na bulnerableng bahagi ng kaniyang kasalukuyang pagkataong dapat maprotektahan. Dagdag pa ni A:

> "Hindi ko naman sinasabing my birth name is already dead. It's just that I do not completely consider this as a deadname. That would be disrespectful, kasi pinag-isipan ng mga magulang ko ang pangalan ko. They are not at fault because when I was born, they never thought that I would turn out to be this way." (A)

Mapapansin sa kaniyang pahayag ang impluwensiya ng kaniyang mga magulang sa pagbuo ni A ng personal na konsepto ukol sa deadnaming. Masasabi ring bunga ang pananaw na ito sa pagtanaw ni A sa kaniyang mga magulat bilang unang tagapagbuo ng kaniyang identidad. Sa isang pag-aaral nina Pesigan, Luyckx, at Alampay (2014), lumabas na suporta ng magulang at sikolohikong paggabay sa kanilang mga anak ang nagdudulot ng impluwensiya sa pagbuo ng identidad ng mga bata, partikular sa Pilipinas. Mapupuna ring binanggit ni A na walang kasalanan ang kaniyang mga magulang, dahil hindi rin naman daw nila agarang mababatid ang kaniyang pagiging transwoman sa hinaharap.

Tulad ni A, naniniwala rin si R sa kahalagahan ng pangalang ibinigay ng kaniyang mga magulang. Sa kabila ng kaalaman ukol sa deadnaming

bilang isang usapin, para kay R, personal niyang itinuturing na pagbibigay-galang sa kaniyang magulang ang paggamit at patuloy na pagkilala sa pangalang ibinigay sa kaniya. Aniya:

> "I am fully aware of deadnaming kasi, of course, in my case, pinanghahawakan ko 'yung nakuha ko sa kilalang transgender na si K– B–. For her, ayaw niyang i-change 'yung name niya, right? Kasi, it's a sign of respect to her parents, dahil ito ang binigay sa aking pangalan, ito ang gagamitin ko." (R)

Para din sa kanila, parte ng kanilang danas at pagkatao ang kanilang mga pangalan mula sa pagkapanganak. Masasabing hindi hadlang kina R at A ang kaibahan ng pangalan upang ipahayag ang kanilang pagkakakilanlan bilang trans women. Bagaman alam nina R at A ang idea ng deadnaming at ang agresyong kaugnay nito, pinili nilang makibagay upang mapanatili ang anumang relasyon at pakikipamuhay. Mapapansin ding inaangkin nilang pareho ang kanilang mga dating pagkakakilanlan at itinuturing nilang bahagi ito ng kasalukuyang karanasan. Sa ganitong gana, may kahulugan pa rin para sa kanilang dalawa ang kanilang mga legal na pangalan. Sa isang pahayag ni A, makikita rin ang paghahanap niya ng maaari pang ipanumbas sa pananaw ukol sa paggamit at pagkilala pa rin ng kaniyang dating pangalan.

> "I don't know kung may isa pang term na puwedeng ma-coin na katulad sa sitwasyon ko. It is not the same as deadnaming, kasi parang negative. I don't know, hindi ko masabi sa akin kasi my name is not yet dead. Probably, I have this identity of A– B– na ina-advocate ko na kahit tawagin pa nila akong H–, it's fine with me unless, aggressively, right? So, for me, it is not really deadnaming." (A)

Aniya, nagiging agresyon lamang ang paggamit ng dati niyang pangalan kung gagamitin ito sa agresibong pamamaraan (e.g., pangungutya at diskriminasyon). Makikita sa pahayag ni A na kahit ginagamit pa rin niya

ang kaniyang legal na pangalan, handa pa rin siyang ipagtanggol ang kaniyang identidad bilang reaksiyon sa anumang agresyong mararanasan.

Kaiba sa karanasan nina A at R, ibinahagi ni J na nakaranas siyang paulit-ulit na ginagamit ang kaniyang deadname bilang uri ng pag-atake sa kaniyang pagkatao bilang isang trans woman.

> “Kung isang beses lang naman kasi, hindi naman natin kailangang mag-react, pero kung paulit-ulit, baka iba na. “Ay ate, iba po ‘yung gender niya sa ganoon.” Or pagsasabihan na “Ate, iba po. Huwag po kayong paulit-ulit kasi nasabi naman na po sa inyo ang dapat na itawag.” Kasi depende rin naman din iyon kada sitwasyon. Kapag hindi sinasadya, okay lang. Pero kung ipinaintindi talaga sa iyo, at gigil na gigil, baka kailangan nang aksiyunan, i-educate na.” (J)

Mapapansin sa pahayag na ito ang paunang reaksiyon ng pagpapatawad. Oportunidad ang pagpapatawad bilang tugon sa unang beses upang magpaliwanag at maipabatid ang pagkakakilanlan bilang isang trans. Ngunit kung mauulit man ito, sinabi ni J na mapipilitan siyang ipaunawa ang kaniyang pagkakakilanlan. Gaya ni J, kadalasang nararanasan ito ng trans women na magdaraan pa lamang sa transition. Sa ganitong sitwasyon, may parte pa ng kanilang katawan na maaaring maiugnay ng ibang tao sa pagiging lalaki. Maaaring piliing pagdaanan ng trans women ang proseso ng transisyon upang tuluyang magbago ang kanilang pisiyolohikong estado sa tulong ng hormonal treatment, pati na rin ang pagbabago ng legal na pangalan (Miller at Grollman, 2015; Verbeek et al., 2020). Matapos tuluyang magbago ang katawan ng isang trans woman, inaasahang magkakaroon siya ng “passing status.” Proseso ito ng pagbubura ng isang indibidwal ng anumang nakatutukoy sa kaniya bilang isang lalaki. Sa pag-aaral ni Blythe (2016), kaakibat nito ang pagpasa sa anumang inaasahan ng lipunan sa isang babae—mahinhin, maganda, pasibo, at laging nakaayos. Dahil sa ekspektasyong ito ng lipunan, pinipilit ng trans women na magmukhang babae batay sa mga kolektibong imahinasyon ng lipunan.

Nagiging daan ang kanilang transisyong upang maabot ito at pinipilit bilang daan upang mabawasan ang mga agresyong kanilang dinaranas. Kaya naman, kung may mga nagpupumilit pa ring tawagin sila sa kanilang deadname habang nasa proseso sila ng transisyon, nagiging masidhi ang kanilang pagdepensa sa kanilang pagkatao bilang trans women. Tinalakay ni R ang nabanggit na kasidhian; saad niya, bagaman iniiwasan na niyang pumatol sa agresyon, idinaraan na lamang niya sa biro ang pangangaral sa sinumang nande-deadname sa kaniya:

> "I had an experience before na if they call me by my real name, minsan, I make fun of it na parang "kuya, naka-dress ako, ang ganda ko, putok 'yung dede ko, tapos Sir?" (R)

Sa sitwasyong nabanggit, kinasangkapan ni R ang kaniyang pisikal na katangiang nagbibigay-dahilan sa ibang tao upang makita siya bilang babae (e.g., "putok 'yung dede ko). Nabanggit din niya ang pagsusuot ng bestida at pagpapaganda bilang mga gawaing "counter-aggressive" para na rin ipakita sa mga taong nakakasalamuha na dapat kilalanin siya bilang isang babae pagkat ito ang kaniyang piniling paraan ng pagpapahayag ng sarili at identidad.

Kapansin-pansin ang karaniwang reaksiyon ng pagiging palaban (J) o pagbibiro (R) sa mga pagkakataong nagiging agresibong anyo ang deadnaming. Kung tatanungin naman si A, rasyonal na paraan ng pagpapaliwanag ang reaksiyon sa agresyong dulot ng deadnaming. Para sa kaniya, itinuturing niyang "learning moment" ang pagtawag sa kaniyang deadname:

> "Learning moment for both of us. I will not be passive na, "bahala ka riyan, ivi-video ko tapos, ia-upload ko, tapos ishe-share ko." I mean it would be personal, siguro ang puwede kong magawa na hindi magiging mahirap on my part, I will do what's the good thing to do in that situation." (A)

Nagpapakita ang kaniyang reaksiyon ng pagtanggap at pag-intindi sa realidad na hindi pa gaanong mulat ang lipunang Pilipino sa konsepto ng

trans women. Sa halip na maging agresibo, pinipili niya ang pagkakataong makapagbahagi ng impormasyon ukol sa kanilang karanasan. Dahil sa kasalatan ng mga batas at iba pang legalidad na disinsana’y magtatanggol sa kapakanan ng trans women sa Pilipinas, napipilitan silang kusang gumawa ng paraan upang mapangalagaan ang kanilang mga batayang karapatan at maibahagi ang kanilang kalagayan sa ibang tao na madalas makapagdulot ng stressors sa kanila.

## Epekto ng Deadnaming at Misgendering sa Karanasan at Seksuwal na Identidad ng Trans

***Pisyo-Sikolohikong Epekto ng Deadnaming at Misgendering***

Sa kasalukuyan, nakakaranas ang transwomen ng diskriminasyon at mga porma ng agresyong hindi lubusang natatalakay dahil sa konserbatismong litaw sa lipunang Pilipino. Patunay rito ang pagiging biro ng deadnaming sa kontekstong panlipunang ginagalawan ng mga nakapanayam. Sa pangkalahatan, hindi pa rin nabibigyang-tuon ang pagsusulong sa karapatan ng mga kasapi ng pamayanang LGBTQIA+, at nagdudulot ito ng mga bagong anyo ng agresyon at diskriminasyong isinasawalang-bahala na lamang. Sa panahong patuloy na nakakaabante ang teknolohiya at samot-sari na ang diskurso sa social media, naisasantabi pa rin ang usapin ng pagiging makatao para sa trans women. Mapapansin sa tugon ni Harley na tinatanggap na lamang niya ang nararanasang sitwasyon upang hindi na maging tampulan ng agresyon. Aniya:

> “May mga tao talagang hindi marunong tumanggap, lalo sa aming mga transwoman, kaya, ia-accept na lang namin, kasi hindi naman natin sila mapi-please.” (H)

Sa kabila ng pilit na pagtanggap sa kanilang nararanasan, may mga pagkakataong nararamdaman pa rin nila ang bigat ng diskriminasyon at ang kakulangan ng gobyerno at lipunan ng proteksiyon sa kanilang mga batayang karapatang pantao. Nararamdaman nila ito lalo na kapag napupunta ang usapin sa kanilang mga katawan.

> "Naaapektuhan po 'yung emosyon ng isang tao, gaya po sa akin, minsan, napapaisip po ako kung may kakulangan pa rin po ako. Kasi ganoon po ang pagtingin nila sa akin." (H)

Kung susuriin ang pahayag ni H, nakakaramdam siya ng pagkasalat sa pagiging babae dahil na rin sa mga nararanasan. Kapara ito sa pahayag ni M:

> "Kahit 'yung outside appearance mo ay feminine na, ang gusto pa rin nilang itawag sa iyo ay 'yung real name mo." (M)

> "Kulang pa ba? Kulang pa ba ang hormones ko? Sa mga gastos ko sa sarili ko? Yes, nagpa-surgery na tayo, pero ganoon pa rin ba? Hindi naman kasi lahat ng tao ay mulat pagdating sa gender identity ng isang tao." (M)

Sa danas na ibinahagi ni M, nagiging mitsa ang deadnaming bilang hindi kanais-nais na paalala ng identidad bilang isang lalaking pilit niyang iwinawaksi. Dagdag pa niya, may mga pagkakataon ding nakakaranas siya ng misgendering dahil tinatawag pa rin siyang "bakla" kahit na trans woman na ang kaniyang pakilala sa sarili.

> "Kapag hindi ko kakilala 'yung tao, tapos tatawagin akong bakla, medyo nakaka-down, kahit na anong pagpapaganda ko sa sarili ko, kahit anong transitioning. For an example, sa pananamit, you wear a cross-dress na sexy, o magpapaganda ka, magme-make up ka, pero sa tingin pa rin ng ibang tao, ganoon ka pa rin ia-address, hindi man lang nila itanong kung ano ang tamang paraan ng pag-address sa iyo." (M)

Tinatawag na gender dysphoria ang mga naisalaysay na danas nina M at H. Kadalasang nararanasan ng transwoman ang gender dysphoria kung nararamdaman nilang hindi akma ang kanilang kinikilalang pagkatao sa kanilang ari at katawan (American Psychological Association, 2022).

Napapaigting ang gender dysphoria dahil na rin sa mga kahingian ng lipunan na sumunod ang mga tao sa pangkasariang gawain na may kinalaman sa pagiging babae o lalaki. Dahil sa mga kahingiang ito ng lipunan, nagkakaroon ng sikolohikong pagkalito ang trans women sa murang edad. Sa kanilang pagtanda naman, mararanasan nilang muli ito tuwing tatawagin sila sa kanilang mga deadname dahil nagpapaalala ito sa kanila ng kanilang mga danas bilang mga dating lalaki. Ayon kay J, nakakababa ng kumpiyansa sa sarili ang karanasang ito dahil para sa isang trans woman na nagsusumikap maging ganap na babae, nagpapaalala ito na kakaiba ang tingin sa kanila ng lipunang kinabibilangan:

> “Nakakababa rin ng self-confidence, s’yempre, nag-ayos ka, nag-make up ka, nagpahaba ka ng buhok, nagsusuot ka ng pambabae, tapos tatawagin ka lang sa kalsada ng kung ano-anong pangalan na hindi naman talaga pangalan mo. Hindi mo rin naman talaga kilala ‘yung mga tao, tapos tatawanan ka lang nila.” (J)

Bukod sa deadnaming, nagiging mitsa rin ng gender dysphoria ang misgendering. Sa karanasan ni R, napagkamalan siyang isang ganap na babae nang minsang maospital:

> “Maraming instances iyan, even ‘yung renewal ng driver’s license, at hospital. There was also a time na I was admitted tapos ang sabi pa ng nurse, magpa-pregnancy test ako. Hindi ko alam kung matutuwa ba ako roon or what, kasi babae ka roon ‘di ba? Wala namang insult. Siguro, I don’t take it that serious or whatever, ‘yun lang ‘pag nasi-Sir ka lang minsan pero hindi ako sobrang insulted in a way.” (R)

Hindi naisip ni R na isa itong insulto dahil nais naman niyang maging babae ang tingin sa kaniya ng mga tao. Gayumpaman, napaalalahanan siya ng isang pisiyolohikong bagay na hindi maaaring matamo ng isang transwoman—ang magbuntis. Para sa isang trans na nakakaranas ng gender dysphoria, nagiging solusyon ang medikal na interbensiyon tulad ng pag-inom ng hormones at sexual reassignment surgery upang malunasan ang kalituhang nararamdaman nila ukol sa kanilang

kasarian (Bray, 2015). Gayumpaman, hindi ito madaling nagagawa ng lahat ng transwoman, dahil na rin sa usapin ng access sa interbensiyon at ekonomikong dahilan. Maituturing na isang pribilehiyo ang parehong medikal na prosidyur dahil na rin sa halagang magagastos.

Sa isang ideal na sitwasyon, madali lamang dapat para sa trans women ang makaramdam ng pagiging ligtas sa pinili nilang identidad. Sakaling mangyari ito, hindi na makakaramdam ng sikolohikong pagkalito ang mga gaya nina H, J, M, at R. Ipinapakita ng kanilang ibinahaging karanasan na bukod sa mga usaping legal na may kinalaman sa karapatan ng trans women, dapat ding pagtuunan ng pansin ang sosyal na aspekto nito upang mapagaan ang kanilang transisyon sa mga piniling kasarian at tuluyang maramdaman ang pagiging ligtas sa mga espasyong kanilang ginagalawan.

***Mga Karanasan sa mga Espasyo***

Malaking salik din ang mga espasyo sa mga umiiral na pagdanas ng trans, gaya ng usapin ng diskriminasyon, panghahamak, at pagsalungat sa ingklusibong puwang na humahadlang sa pagtamo ng dignidad at kaligtasan. Patunay rito ang binabanggit ni Doan (2007, sinipi sa Silan et al., 2016) na maituturing na pinakabulnerable at lubos na di-napoprotektahang pamayanan sa mga espasyong panlipunan ang populasyong transgender. Manipestasyon nito ang pahayag ni J ukol sa kaniyang karanasang kakabit ng deadnaming sa espasyo gaya ng lansangan:

> “May instances na naglalakad ka sa daan, tatawagin ka ng mga kung ano-anong pangalan, “Raul,” mga ganyan, mga pangalan ng mga lalaking pansinauna, mga matitigas talaga, kahit ang lambot-lambot mo naman.” (J)

Bitbit nito ang katotohanang may paunti-unti nang representasyon at bisibilidad ng trans identities sa mga pampublikong espasyo upang makatulong na mawaksi ang stigma at maisulong ang pagtanggap at pagbuo ng mas ingklusibong pamayanan para sa lahat. Subalit, may mga pangyayari pa ring nagaganap upang makaramdam ng takot at pangamba ang isang trans. Sa kabila ito ng pagsaklaw ng Republic Act No. 11313, Safe Spaces Law, o Bawal Bastos Law, sa transphobic remarks and slurs na tumutukoy sa

mga pahayag na nagpapakita ng takot, galit, at abersiyon sa mga taong hindi tumutugma ang gender identity and expressions sa kaniyang kasarian nang isilang. Kasama rito ang paggamit kay J ng pangalang “Raul” bilang anyo ng pangungutya. Nakasaad pa sa batas na mahalaga ang kaligtasan ng lahat ng tao saanmang espasyo–pampublikong espasyo, mga institusyon, pook ng trabaho, at maging online.

Gaya ng nabanggit, hindi maikakaila ang pag-iral ng mga suliranin ng mga transgender sa iba’t ibang industriya. Iniulat ng UNDP at ILO (2018, sinipi sa Binghay at Cotas, 2022) na nakararanas ang mga empleyadong LGBTQIA+ ng pananamantala, pang-aalimura, at diskriminasyon sa pamamagitan ng pagiging sentro ng katatawanan, pagpapakalat ng tsismis, at pagbibigay ng katawa-tawang komento sa paraan ng kanilang pananamit, gawi, at pananalita. Ani H, may pagkakataong nakukutya siya ng mga dating kasamahan dahil naihahanay siya bilang lalaki na nakakaapekto sa kaniyang karanasan sa dating trabaho. Sa kabila nito, higit na nangingibabaw sa kaniya ang pinansiyal na aspekto, kaya hindi na rin niya nagawang maigiit ang kaniyang gender identity. Sinasagka nito ang inaasahang pagtanggap, kalayaan, at kaligtasang masasalamin sa pagtataguyod ng karapatan ng LGBTQIA+, pagpapahintulot sa malayang ekspresyon ng gender identity, at proteksiyon laban sa anumang diskriminasyong (Binghay at Cotas, 2022) mahalagang salik para sa lehitimong ligtas na espasyo ng trabaho para sa lahat.

Sa kamukhang diskurso, may lumulutang ding politika ukol sa mga paaralan, kolehiyo, at unibersidad bilang mga espasyo. Kaakibat din sa usapin ang mga polisiya at patakarang ipinatutupad ukol sa uniporme, buhok, at pangkalahatang ekspresiyon ng identidad sa mga institusyong pang-edukasyon. Sa pagsasalaysay ni J, iginiit ng guwardiya sa noong papasukan nilang unibersidad na hindi sila papasukin sa palikurang pambabae, at puwersahang pinalilipat sa palikurang panlalaki. Tinanong din naman nila kung mayroon silang magagamit na gender neutral comfort room, ngunit wala raw sa pasilidad. Aniya:

> “Dinala pa kami sa office nila. Magsi-CR lang naman kami, mag-aayos, kasi mag-e-enrol, hanggang sa ayaw na kaming pauwiin. Pinapunta kami sa office ng school, pag-uusapan daw ang mga problema.” (J)

Repleksiyon ito ng mga nagaganap sa ilang institusyong hindi nagsusulong ng anumang akomodasyon sa mga stakeholder na kasapi ng LGBTQIA+ na nagbubunsod ng kabi-kabilang suliranin. Gaya ng binabanggit ni Cavanagh (2010, sinipi sa Binghay at Cotas, 2022), kung walang gender-neutral washroom ang mga pamayanan, maaaring magmitsa ito ng mga problemang kadalasang ipinang-aatake ang paggamit ng "maling" palikuran, katulad ng pag-aresto kay Diez noong 2019. Ayon sa pag-uulat ni Talabong (2019), hinarang si Diez ng isang janitress sa pagpasok sa palikurang pambabae at sinabihan siyang "may utin ka pa rin, tandaan mo 'yan!" Masisipat ditong sumalang sa diskurso ang ari bilang diskriminatoryong elementong may intensiyong gamitin ito laban sa gender identity ni Diez. Kapara ito binabanggit nina Westbrook at Schilt (2013, sinipi sa Silan et al., 2016) na mas ginagamit ng gender-segregated spaces ang biology-based criteria, gaya ng mga ari, biyolohiko, at pisikal na palatandaan kaysa identity-based criteria, tulad ng pagtanggap o pagsalungat ng iba sa mga taong may tinutukoy na gender. Dagdag pa nina Silan et al. (2016), lubos nitong naaapektuhan ang mga transwoman na hindi naglalayon o hindi pa nagdaraan sa gender-reassignment surgery, ibig sabihin, mas napupuna at napapaburan ang biology-based criteria at ang mga itinuturing na visual cues upang 'maitugma' sa 'inaasahang' pagganap ng isang indibidwal, at kung ingkompatible, nagbubunsod ito ng diskriminasyon sa iba't ibang panlipunang konteksto.

## Deadnaming at Misgendering bilang Anyo ng Microaggression

***Konseptuwalisasyon ng Karahasan at Diskriminasyong Pangkasarian***

Batay sa naratibo ng mga kinapanayam, lumilitaw ang datíng ng deadnaming at misgendering bilang mga anyo ng microaggression. Inilahad nina Freeman at Stewart (2021) na iniimbalido ng mga nabanggit na suliranin ang identidad ng isang trans person bilang trans, o maging bilang isang tao. Sa ganitong gana, hindi na lamang nagiging maykro, bagkus isang pag-atake sa kabuoang pagkatao ng trans, lalo na kung intensiyon ng taong mangutya, makapambagabag, o manakot. Sa pananaw ni A, malaking salik sa agresyon ang oryentasyon ng tao sa gender identity ng isang trans:

> “Nagiging aggression kapag na-establish na ‘yung facts about someone’s name–na ito ang gustong niyong itawag, but you have insisted otherwise, then ‘yung motive behind it is different. Gusto ko lang, matter-of-factly, ito na ‘yung pangalan mo, at hindi iyan ang gusto mong itawag sa akin, doon nagkakaroon ng aggression.” (A)

Nakakabit sa isinaad ni A na makahulugan ang oryentasyon ng kausap sa kaniyang gender identity. Nagagawa nitong mailatag ang mga kaakibat na halagahin sa angkop na pakikitungo, kabilang dito ang wastong pagpapangalan at pagkilala sa kaniyang kasalukuyang estado bilang trans. Dagdag pa niya, humahantong sa agresyon ang sitwasyon kung may paggigiit sa bahagi ng kabilang partido sa ipantawag sa kabila ng paglalahad ng kaniyang personalidad, sa ganitong gana, lumilitaw ang negatibo nitong motibasyon. Gaya ito sa karanasan nina J, M, at R ukol sa ginagawa nilang paglalatag ng kanilang identidad sa kausap:

> “Once na, kahit sabihin mong “ma’am ang itawag mo sa akin,” “hindi po, sir po talaga,” baka may ganoong problema rin siya, o dala-dalang problema sa pamilya.” (J)

> “Kahit na mga kaibigan ko, tinatawag akong bakla, M–, in a nice and proper way. Sinasabi ko na, “sorry, I am not ‘bakla,’ I am a transgender woman,” siguro po ipaliliwanag ko sa kanila ang pagkakaiba.” (M)

> “Ang pangit naman kung tatawagin ninyo ako sa totoo kong pangalan. “Ay sino’ng nag-make-up sa’yo?” “Si F–,” tapos ganitong hitsura ‘yung makikita mo. I use R–, kasi, it’s unique. Wala naman masyadong tao na R– ang name niya, kaya minsan, kapag sinasabi ko namang R, they automatically assume that my real name is R–.” (R)

Nangingibabaw sa mga kinapanayam ang kagustuhang maunawaan din ang pinanggagalingan ng ibang taong nagpapasiyang tawagin sila sa dati nilang mga katauhan. Idinaraan nila sa paraang sibil ang pagwawasto bilang inisyal na praktika ng paglalatag ng pang-unawa sa oryentasyon ng

mga nakakasalamuha. Subalit, may pagkakataong nakararanas ang trans ng agresyon, maging sa mga taong malalapit sa kanila, tulad ng karanasan ni H:

> "Sa partner ko po siguro. Kapag sobrang galit, nasasabi niya ang buong pangalan ko. Nasasabi niya ang ganoong bagay, pero after naman niyon, pinag-uusapan naman namin. Pan-trigger lang daw po sa akin." (H)

Lumilitaw ritong nakakasangkapan ang deadname bilang isang mekanismong gumagatong sa karanasan ng dahas at diskriminasyon. Sa paliwanag nina Freeman at Stewart (2021), anumang intensiyon, bunsod man ng galit, maituturing na kawalan ng respeto ang deadnaming at misgendering. Humahantong ang paulit-ulit na panghahamak upang unti-unti ring mawala ang konsepto-sa-sarili ng isang trans, sinasalamin nito ang mga naunang nabanggit na sikolohikong epekto ng deadnaming at misgendering.

## Kongklusyon

Matingkad sa mga natuklasan ng pag-aaral ang kompleks na ugnayan ng distal at proximal stressors na kinahaharap ng mga kinapanayam, partikular sa deadnaming at misgendering. Sa tulong ng Minority Stress Theory, ipinamalas sa resulta ang naiaambang ng panlabas na diskriminasyon at stigma (distal stressors), na sinabayan pa ng internalized responses (proximal stressors) sa mental at emosyonal na pasanin sa buhay ng trans women.

Lumulutang ang deadnaming bilang susing anyo ng diskriminasyon at kadalasang naipapakita bilang imbalidasyon at agresyon. Ipinarating ng mga impormante gaya nina H at J ang malalim na emosyonal at sikolohikong epekto ng deadnaming. Nailalapit nila ito sa mas malawak na kawalan ng panlipunang kamalayan sa mga isyung pan-SOGIE. Bagaman may nagtatangkang isakonteksto ang deadnaming bilang resulta ng legal o impormasyonal na hadlang kaysa tahasang karahasan, gaya ni A, pinalalala ng isyu ang kawalan ng matibay na proteksiyong legal. Pinatitingkad ng

naantalang pagkakapasa ng SOGIE Bill ang limitadong suportang institusyonal para sa lahat.

Sa mas personal na antas, iba-iba ang tugon ukol sa deadnaming. Ilan sa impormante ang naniniwalang hindi na ito maiiwasan bilang realidad kung kasalukuyang batas ang pag-uusapan. Sa kabilang banda, taglay ng iba ang higit na asertibong paninindigan laban dito. Binibigyang-pansin ng magkakaibang reaksiyon ang daynamikong negosasyon sa pagitan ng personal na identidad at panlipunang ekspektasyon. Dagdag pa, inilalarawan ng mga gampanin ng mga pampubliko at pribadong institusyon ang sistemikong kalikasan ng isyu.

Ipinamamalas ng saliksik na hindi lamang isang lingguwistikong usapin ang deadnaming at misgendering, bagkus sistemikong anyo ng diskriminasyon na nakaugat sa sikolohiko, sosyal, at emosyonal na epekto. Upang tuluyang matugunan ang mga nabanggit na isyu, kailangang: palakasin pa ang edukasyon at pagbabahagi ng angkop na impormasyon ukol sa SOGIE; patatagin pa ang mga legal na proteksiyon; at palaganapin pa ang mas ingklusibong polisiya sa lahat ng sektor.

---

*Si **Ariel Ursolon Bosque** ay isang lisensiyadong propesyonal na guro at kasalukuyang katuwang na propesor sa Dibisyon ng Wika, Departamento ng Humanidades, Kolehiyo ng mga Agham at Sining, Unibersidad ng Pilipinas-Los Baños. Siya ay nagtapos ng programang Master ng Sining sa Araling Pilipino sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman, at programang Batsilyer sa Sekondaryang Edukasyon, medyor sa Filipino, sa Rizal Technological University, at nakatamo ng karangalang Magna Cum Laude. Sa ngayon, kumukuha siya ng Doktor sa Pilosopiya ng Filipino na may konsentrasyon sa Istrukturang Wikang Filipino. Nakapagsulat na siya ng mga teksbuk at reperensiyang aklat sa mga antas-sekondarya at tersiyarya. Nakapaglathala na rin siya ng mga saliksik sa ilang lokal at internasyonal na akademikong journal. Gumaganap din siya bilang Kawaksing Kasapi ng National Research Council of the Philippines sa ilalim ng Dibisyon VIII, Agham Panlipunan. Kabilang sa kaniyang interes sa pananaliksik ang Araling Wika, Araling Pilipino, Kasarian, Pagsasalin, at Plain Language.*

*Bago maging guro ay nanungkulan si* ***Christopher Dolom Alonte*** *o* ***Tofi*** *bilang Senior Training and Quality Supervisor sa isang pribadong kompanya kung saan nahubog siya bilang isang propesyunal. Sa kasalukuyan, si Tofi ay Instruktor sa Departamento ng Humanidades, UP Los Baños. Kasabay ng pagtuturo sa kolehiyo ay tinatapos niya ang thesis sa masterado sa Communication Arts na tumatalakay sa representasyon ng mga taong may HIV (Human Immunodeficiency Virus) sa mga piling pelikulang Pilipino. Kabilang sa mga paksang madalas na tinatalakay ni Tofi sa kanyang mga pananaliksik ay pop culture at social media, kasarian, at komunikasyon. Kung may libreng oras ay nagsusulat rin si Tofi ng mga kuwento at tula. Ilan rito ay nailathala na sa Sunday Times Magazine (2009-2017), Paper Monster Press (2011 - 2012) at Under the Storm: an Anthology of Contemporary Philippine Poetry, October (2011). Naging fellow na rin si Tofi sa Palihang LIRA at 21 st Ateneo National Writters Workshop, parehong noong 2024.*

**SANGGUNIAN**

American Psychological Association (2022). *What is gender dysphoria?* https://www.psychiatry.org/patients-families/gender-dysphoria/what-is-gender-dysphoria.

*An Act Prohibiting Discrimination on the Basis of Sexual Orientation and Gender Identity or Expression (SOGIE) and Providing Penalties Therefor, Senate Bill No. 689, 18th Congress of the Philippines*. (2019). https://legacy.senate.gov.ph/lisdata/3106627964!.pdf.

Barrett, K., Hanna, K., at Palomar, A. (2021). In defense of the x: Centering queer, trans, and non-binary Pilipina/x/os, queer vernacular, and the politics of naming. *Alon*, 125-147.

Binghay, V. at Cotas, J. (2022). Transforming spaces, welcoming places: Transgender women's inclusion in the Philippines' BPO industry. Philippine *Journal of Labor and Industrial Relations, 39*, 158-199.

Blythe, I. (2016). *Passing notion: The experience of four trans identified students and the violence of assimilation.* [Undergraduate thesis, Texas State University]. Texas State University Research and Scholarship Repository. https://digital.library.txst.edu/items/8960de97-0e19-493d-b51f-39a8e551c3e6.

Braun, V. at Clarke, V. (2023). Toward good practice in thematic analysis: Avoiding common problems and be(com)ing a knowing researcher. *International Journal of Transgender Health, 24*(1), 1-6.

Bray, S. (2015). Gender dysphoria, body dysmorphia, and the problematic of body modification. *The Journal of Speculative Philosophy, 29*(3), 424-436.

Carcione, A. (2018). How transgender people choose their names. *TeenVogue*. https://www.teenvogue.com/story/how-transgender-people-choose-their-names#:~:text=Many%20transgender%20people%20choose%20new, doesn't%20fit%20them%20anymore.

Cavanagh, S. (2010). Queering bathrooms: Gender, sexuality, and the hygienic imagination. *Social and Cultural Geography, 13*(5), 1-295.

Clements, K. (2018). What does it mean to misgender someone? *Healthline*. https://www.healthline.com/health/transgender/misgendering.

Division of Diversity, Equity and Inclusion (2022). *Affirming self-identification: Lived names and pronouns.* Rowan University. https://sites.rowan.edu/diversity-equity-inclusion/blog/2022/11/dei-prof-spectives-lived-names-and-pronouns.html.

Doan, P. (2010). The tyranny of gendered spaces–reflections from beyond the gender dichotomy. *Gender, Place and Culture, 17*(5), 635-654.

Freeman, L. at Stewart, H. (2021). Toward a harm-based account of microaggressions. *Association for Psychological Science, 16*(5), 1008-1023.

Frost, D & Meyer, I. (2023). Minority stress theory: Application, critique, and continued relevance. *Current Opinion in Psychology*, *51*, 101579.

Goffman, E. (1963). *Stigma: Notes on the Management of Spoiled Identity.* Penguin.

Lindley, L. at Galupo, M. (2020). Gender dysphoria and minority stress: Support for inclusion of gender dysphoria as a proximal stressor. *Psychology of Sexual Orientation and Gender Diversity, 7*(3), 265-275.

McLemore, K. (2015). Experiences with misgendering: Identity misclassification of transgender spectrum individuals*. Self and Identity, 14*(1), 51-74.

Meyer, I. (1995). Minority stress and mental health in gay men. *Journal of Health and Social Behaviors, 36*, 38-56.

Miller, L. at Grollman, E. (2015). The social costs of gender nonconformity for transgender adults: Implications for discrimination and health. *Sociological Forum, 30*(3). 809-831.

National Commission on the Role of Filipino Women (1998). *Philippine plan for gender-responsive development 1995-2025.* https://neda.gov.ph/wp-content/uploads/2020/01/PPGD-1995-2025.pdf.

Oladipo, G. (2023). Majority of trans adults are happier after transitioning, survey finds. *The Guardian*. https://www.theguardian.com/society/2023/mar/24/majority-trans-adults-happier-transitioning-survey.

Ortuoste, J. (2023 Pebrero 1). Stop delaying the SOGIE bill at the senate. *Manila Standard*. https://manilastandard.net/?p=314300998.

Pesigan, I., Luyckx, K., at Alampay, L. (2014). Brief report: Identity processes in Filipino late adolescents and young adult: Parental influences and mental health outcomes. *Journal of Adolescence, 37*(5), 599-604.

Psychological Association of the Philippines (2020). Statement of the Psychological Association of the Philippines on non-discrimination based on sexual orientation, gender identity and expression. https://pap.ph/announcement/23.

Sanchez, C. (2018). *Transgender identities and challenges in the United States of America today.* California Institute of Integral Studies.

Silan, M., Rivera, M., at Chulipa, L. (2016). Trans on trains: Lived experiences of Filipina transgender women on the MRT. *Philippine Journal of Psychology, 49*(2), 35-60.

Sinclair-Palm, J. at Chokly, K. (2023). 'It's a giant faux pas': Exploring young trans people's beliefs about deadnaming and the term deadname. *Journal of LGBT Youth, 20*(2), 370-389.

Talabong, R. (2019 Agosto 13). Trans woman arrested after being blocked from using women's restroom in Cubao. *Rappler*. https://www.rappler.com/nation/237698-transgender-woman-arrested-after-blocked-using-women-restroom-cubao/.

UNDP at ILO (2018). *LGBTI people and employment: Discrimination based on sexual orientation, gender identity and express, and sex characteristics in China, the Philippines, and Thailand*. https://www.undp.org/asia-pacific/publications/lgbti-people-and-employment-discrimination-based-sexual-orientation-gender-identity-and-expression-and-sex-characteristics.

University of California (2019). *Transition roadmap*. UCSF Transgender Care. https://transcare.ucsf.edu/transition-roadmap.

Verbeek, M. Hommes, M., Stutterheim, S. Van Lankveld, J. at Bos, A. (2020). Experiences with stigmatization among transgender individuals after transition: A qualitative study in the Netherlands. *International Journal of Transgender Health, 21*(2), 220-233.

Westbrook, L. at Schilt, K. (2013). Doing gender, determining gender: Transgender people, gender panics, and the maintenance of the sex/ gender/ sexuality system. *Gender and Society, 28*(1), 32-57.